# BAKUNA LABAN SA YELLOW FEVER

## ANG DAPAT NINYONG MALAMAN

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis.
Maraming Pahayag na Impormasyon Tungkol sa Bakuna ay maaaring makuha sa Espanyol o iba pang mga wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

## 1 Ano ang yellow fever?

Ang yellow fever ay isang seryosong sakit na idinudulot ng yellow fever virus. Ito ay matatagpuan sa mga partikular na bahagi ng Aprika at Timog Amerika.

Ang yellow fever ay naihahawa sa pamamagitan ng kagat ng naimpeksyong lamok. Ito ay hindi naihahawa mula sa isang tao patungo sa ibang tao sa pamamagitan ng tuwirang kontak.

Ang mga taong may sakit na yellow fever ay karaniwang kailangang ipaospital. Ang yellow fever ay maaaring maging sanhi ng:

- lagnat at mga sintomas na parang trangkaso
- paninilaw (naninilaw na balat o mga mata)
- pagdugo mula sa maraming bahagi ng katawan
- paghina ng atay, bato, ukol sa paghinga at ibang bahagi ng katawan
- kamatayan (20% - 50% ng mga seryosong kaso)

## 2 Paano ko mahahadlangan ang yellow fever?

### Bakuna Laban sa Yellow Fever

Ang bakuna laban sa yellow fever ay nakahahadlang sa yellow fever.

Ang bakuna laban sa yellow fever ay ibinibigay lamang sa mga itinalagang sentro ng pagbabakuna.

Pagkatanggap ng bakuna, ikaw ay dapat bigyan ng selyado at pirmadong “International Certificate of Vaccination or Prophylaxis” (dilaw na kard). Ang sertipikong ito ay magkakabisa 10 araw pagkatapos ng pagbakuna at magagamit hanggang 10 taon.

**Kakailanganin mo ng kard na ito bilang katunayan ng pagpapabakuna upang makapasok sa mga partikular na bansa.** Ang mga manlalakbay na walang katunayan ng pagpapabakuna ay maaaring bigyan ng bakuna pagkapasok sa isang bansa o pigilin ng hanggang 6 na araw upang matiyak na sila ay hindi naimpeksyon.

Talakayin ang iyong itineraryo sa iyong doktor o nars bago ka magpabakuna laban sa yellow fever. Konsultahin ang iyong departamento ng kalusugan o bisitahin ang website ng CDC sa impormasyon tungkol sa paglalakbay sa **www.cdc.gov/travel** upang malaman ang mga iniaatas at rekomendasyon na may kaugnayan sa bakuna laban sa yellow fever para sa iba-ibang bansa.

### Ibang mga Hakbang na Panghadlang

Ang ibang paraan upang hadlangan ang yellow fever ay iwasan ang mga kagat ng lamok sa pamamagitan ng:
- pamamalagi sa mga lugar na maayos ang mga screen o may air-condition,
- pagsusuot ng mga damit na nagtatakip sa halos buong katawan mo,
- paggamit ng epektibong pantaboy sa insekto, tulad ng mga nagtataglay ng DEET.

## 3 Bakuna laban sa yellow fever

Ang bakuna laban sa yellow fever ay isang buhay, pinahinang virus. Ito ay ibinibigay bilang nag-iisang iniksiyon. Para sa mga taong nanatiling nasa panganib, ang isang dagdag na dosis ay inirerekomenda tuwing 10 taon.

Ang bakuna laban sa yellow fever ay maaaring ibigay na kasabay ng karamihan sa ibang mga bakuna.

### Sino ang dapat tumanggap ng bakuna laban sa yellow fever?

- Ang mga taong 9 na buwan hanggang 59 na taon ang edad na naglalakbay o naninirahan sa isang lugar kung saan may panganib ng yellow fever, o naglalakbay sa isang bansa na may iniaatas na pagpapabakuna para makapasok.
- Ang mga tauhan ng laboratoryo na maaaring nahantad sa yellow fever virus o virus ng bakuna.

Ang impormasyon para sa mga naglalakbay ay maaaring matagpuan online sa pamamagitan ng CDC (**www.cdc.gov/travel**), ng World Health Organization (**www.who.int**), at ng Pan American Health Organization (**www.paho.org**).

Hindi ka dapat magbigay ng dugo sa 14 na araw kasunod ng pagpapabakuna, dahil may panganib na maihawa ang virus ng bakuna sa pamamagitan ng mga produktong dugo sa panahong iyon.

## 4 Sino ang hindi dapat tumanggap ng bakuna laban sa yellow fever?

- Sinumang may matinding (nagbabanta sa buhay na) alerhiya sa anumang sangkap ng bakuna, kabilang ang mga itlog, mga protina ng manok, o gelatin, o nagkaroon na ng matinding alerhiyang reaksiyon sa naunang dosis ng bakuna laban sa yellow fever ay hindi dapat tumanggap ng bakuna laban sa yellow fever. *Sabihin sa iyong doktor kung mayroon ka ng alinman sa matitinding alerhiya.*

- Ang mga sanggol na wala pang 6 na buwan ang edad ay hindi dapat tumanggap ng bakuna.
- Sabihin sa iyong doktor kung:
  - Ikaw ay may HIV/AIDS o ibang sakit na nakaaapekto sa sistemang panlaban sa sakit.
  - Ang iyong sistemang panlaban sa sakit ay humina bilang resulta ng kanser o ibang mga kondisyong medikal, paglipat ng bahagi ng katawan, o radyasyon o paggamot sa pamamagitan ng droga (kagaya ng mga steroid, paggamit ng kemikal laban sa kanser, o iba pang mga gamot na nakaaapekto sa pagganap ng selulang lumalaban sa sakit).
  - Ang iyong thymus ay tinanggal o ikaw ay may sakit sa thymus, kagaya ng myasthenia gravis, DiGeorge syndrome, o thymoma.

  Ang iyong doktor ay tutulong sa iyo na magpasiya kung maaari kang tumanggap ng bakuna.
- Ang mga taong 60 taon ang edad at mas matanda na hindi makaiwas sa paglalakbay sa isang lugar na may yellow fever ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa pagpapabakuna. Sila ay maaaring nanganganib na magkaroon ng matitinding problema pagkatapos magpabakuna.
- Ang mga sanggol na 6 hanggang 8 buwan ang edad, mga buntis na babae, at mga nagpapasusong ina ay dapat umiwas sa paglalakbay o ipagpaliban ito sa isang lugar kung saan may panganib ng yellow fever. Kung hindi maiwasan ang paglalakbay, talakayin sa iyong doktor ang pagpapabakuna.

Kung hindi ka makatatanggap ng bakuna sa mga dahilang medikal, ngunit nangangailangan ng katunayan ng pagpapabakuna laban sa yellow fever para sa paglalakbay, ang iyong doktor ay maaaring magbigay sa iyo ng isang **liham ng pagtalikdan** kung itinuturing niya na katanggap-tanggap na maliit ang panganib. Kung plano mong gamitin ang isang pagtalikdan, dapat kang makipag-ugnayan sa embahada ng mga bansang plano mong bisitahin para sa karagdagang impormasyon.

## 5 Ano ang mga panganib mula sa bakuna laban sa yellow fever?

Ang isang bakuna, tulad ng anumang gamot, ay maaaring magdulot ng seryosong reaksiyon. Pero ang panganib na ang isang bakuna ay magdulot ng seryosong pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.

**Hindi Matitinding Problema**

Ang bakuna laban sa yellow fever ay naiugnay sa lagnat, at sa mga pananakit, kirot, pamumula o pamamaga sa bahagi ng katawan kung saan ibinigay ang iniksiyon.

Ang mga problemang ito ay nangyayari sa 1 tao mula sa 4. Ang mga ito ay karaniwang nagsisimula pagkatapos ng iniksiyon, at maaaring tumagal ng hanggang isang linggo.

**Matitinding Problema**

- Matinding alerhiyang reaksiyon sa isang sangkap ng bakuna (humigit-kumulang na 1 tao sa 55,000).
- Matinding reaksiyon ng sistema ng nerbisyos (humigit-kumulang na 1 tao sa 125,000).
- Nagbabanta-sa-buhay na matinding sakit na may paghina ng bahagi ng katawan (humigit-kumulang na 1 tao sa 250,000). Higit sa kalahati ng mga taong dumaranas ng di-hangad na epektong ito ay namamatay.

Ang huling dalawang problemang ito ay hindi naiulat pagkatapos ng isang dagdag na dosis.

## 6 Paano kung may matinding reaksiyon?

### Ano ang dapat kong bantayan?

Bantayan ang anumang hindi karaniwang kondisyon, tulad ng mataas na lagnat, mga pagbabago sa kilos, o mga sintomas na parang trangkaso na nangyayari 1-30 araw pagkatapos ng pagpapabakuna. Sa mga palatandaan ng alerhiyang reaksiyon ay maaaring kabilang ang paghihirap huminga, pamamaos o paghuhuni, pamamantal, pamumutla, panghihina, mabilis na tibok ng puso, o pakahilo sa loob ng ilang minuto hanggang ilang oras pagkatapos ng iniksiyon.

### Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** ng doktor, o dalhin kaagad sa doktor ang tao.
- **Sabihin** sa doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at ang oras na nagyari ito, at kailan ibinigay ang bakuna.
- **Sabihin** sa inyong doctor na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng paghaharap ng isang form ng Sistema ng Pag-uulat ng Masamang Pangyayari sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). O puwede ninyong iharap ang ulat na ito sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-822-7967.

*Ang VAERS ay hindi nagkakaloob ng payong paggamot.*

## 7 Paano ko malalaman ang karagdagang impormasyon?

- Itanong sa inyong doctor. Sila ay puwedeng magbigay sa inyo ng paningit na pakete ukol sa bakuna o magmungkahi ng ibang mga mapagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang inyong lokal na kagawaran ng kalusugan o kagawaran ng kalusugan ng estado.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
  - Bisitahin ang website ng CDC sa **www.cdc.gov/travel www.cdc.gov/ncidod/dvbid/yellowfever/** o **www.cdc.gov/vaccines/vpd-vac/yf**

DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
Centers for Disease Control and Prevention

Yellow Fever Vaccine – Tagalog (3/30/2011) Vaccine Information Statement
Translated by Transcend Translations, Davis, CA www.transcend.net